BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# AGHAM: PAG-AARAL NG AT HOME

## AGHAM SA TAHANAN

### Pag-aaral ng agham sa pamamagitan ng laro

Ang laro ay isang mahalagang bahagi ng pag-aaral at pagtutuklas ng iyong anak. Sa paggamit ng laro upang matuto tungkol sa agham, ginagamit ng iyong anak ang lahat ng kanyang pandama – paningin, pandinig, pagdama, pang-amoy at panlasa. Matututo din siya tungkol sa paghuhula, pamamasid, paglalarawan at pagkukumpara ng iba-ibang mga bagay sa kanyang paligid. Hayaan niyong magsaliksik at magtanong nang marami ang iyong anak. Higit sa lahat, arugahin at pasiglahin ang pag-unlad ng kanyang pagka-mausyoso at pagka-malikhain at hayaan siyang matuto at malaman ang kanyang sariling bilis.

### Sa kahon ng mga laruan

- Hayaan niyo ang iyong anak na pagsama-samanhin ang mga laruan ayon sa sukat, hugis, kulay, yari at timbang. Tanungin ang iyong anak kung bakit niya pinagsasama ang ilang mga laruan.
- Ilagay niyo ang isang laruan sa bawat kamay ng iyong anak at itanong sa kanya kung ano sa pakiramdam niya ang mas mabigat at kung ano ang mas magaan.
- Tingnan niya kung gaano kabilis gugulong pababa ang mga kotse, holen at bola sa mga rampa at nakahupay na lapya. Hayaang mag-eksperimento sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga pang-ibabaw.

**Maglagay ng mga bagay sa isang supot na plastik na hindi maaninag nito ng iyong anak. Maglagay ng ibat-ibang mga bagay sa supot. Hayaan ipasok niya ang kanyang kamay sa loob ng supot at ilarawan niya ang ibat-ibang pagkakayari ng kanyang mga nasasalat, kagaya kung makinis, mabalahibo at magaspang.**

### Sa kusina

- Obserbahan at suriin kung paano ginagamit at gumagalaw ang iba-ibang kasangkapang pangluto gaya ng pangsandok ng sorbetes, pangkamay na panghalo (hand-held mixer), pambukas ng lata, pambalat ng patatas at pamiga ng bawang.
- Hayaan niyong tingnan ng iyong anak ang larawan sa kapwa harapan at likuran ng kutsara at tanungin: *Bakit sa palagay mo magkaiba ang larawan sa salamin? Sa aling panig ng kutsara ang parang nakitingin sa salamin?*
- Hayaan niyong sanayin ng iyong anak ang kanyang kasanayang sa pagtugma sa pamamagitan ng pagpulot ng mga bagay na gamit ang mga pansipit at “chopsticks”.
- Gumawa ng “play dough” (pila). Tingnan ang “how to make play dough sa aming activity factsheet.

### Laro sa pagligo

- Subukan ang mga iba-ibang bagay upang malaman kung ang mga ito ay lulutang o lulubog. Hulaan niyo kung ano ang mangyayari bago gawin ang pagsubok na tanong: Bakit lumulutang ang iba at ang iba ay lumululubog? Paano mo mapapalubog ang isang bagay na lumulutang o mapapalutang ang isang bagay na lumulubog?



Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015